

MENSAHE NG AREA PRESIDENCY

# Ang Kanyang Bugtong na Anak



**Elder Brent S. Nielson**
Philippines Area Presidency

Sa pagdiriwang natin sa Kapaskuhang ito angkop lamang na ituon natin ang ating isipan sa pagsilang ng Tagapagligtas na si Jesucristo at sa Kanyang walang hanggang pagbabayad-sala na nagpapagaling sa ating mga kaluluwa at nagbibigay-kakayahan sa atin na maisakatuparan ang ating banal na layunin. Ang regalo ng Tagapagligtas sa atin ay kamangha-mangha at hindi kayang maunawaan.

Natuon ang aking isipan sa Paskong ito gayunman, sa isang pang napakahalagang regalo na ibinigay ng Ama nang kanyang handang isinakripisyo ang Kanyang Bugtong na Anak. Itinuro sa atin ni Juan na ang regalong ito na pagsasakripisyo ng Kanyang Anak ay dahil sa pagmamahal sa atin ng Ama. "Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." (Juan 3:16)




Pagnilayan sandali ang malalim at hindi kayang maunawaang pagmamahal ng Ama para sa inyo kung kaya't tinulutan Niya na pasanin ng Kanyang Anak ang inyong mga kasalanan at kahinaan sa pamamagitan ng pagbabayad-sala at pagkatapos ay nagdanas ng hirap sa pagkakapako sa krus.

Ang Tagapagligtas mismo ay nagtanong sa Ama kung may iba pang paraan, nang sabihin Niya, "Ama ko, kung baga maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito." (Mateo 26:39) Ang magiliw na pag-uusap na ito ng Ama at Anak ay umantig sa bawat magulang. Alam ng Tagapagligtas ang plano; alam Niya na pumayag Siyang pumarito, ngunit ngayon nang dumating ang sandaling iyon, muling tiniyak ng Tagapagligtas sa huling pagkakataon sa Kanyang Ama, na Kanyang lubos na pinagkakatiwalaan, kung ito lang ang tanging paraan. Tiyak na nagdadalamhati ang puso ng Ama sa huling pagsamong ito ng Kanyang Anak. Ang hindi pag-imik ng Ama ay humantong sa pagsasabi ng Tagapagligtas, "gayon ma'y huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo." (Lucas 22:42) Itinuturo ni Abinidi sa atin ang kahalagahan ng sandaling ito nang ilarawan niya ang pagpapasakop ng Tagapagligtas sa mga salitang ito, "ang kalooban ng Anak ay mapasasakop sa kalooban ng Ama." ( Mosias 15:7)

Dahil sa Kanyang pagmamahal sa atin hinayaan at minasdan ng Ama ang Kanyang Anak na labasan ng dugo sa bawat butas ng balat sa Halamanan ng Getsemani; (D at T 19:18) hinampas; (Mateo 27:26) ipinutong sa kanyang ulo ang koronang tinik: (Mateo 27:29; niluraan; (Mateo 27:30) at ipinako sa krus. (Mateo 27:35) Maaaring pigilan ito ng Ama at ng Anak anumang oras, ngunit dahil sa pagmamahal sa atin, itinulot nila na mangyari ito, nalalaman na para mabigyang-kasiyahan ng awa ang hinihingi ng katarungan, para mapatawad ang ating mga

*Natuon ang aking isipan sa Paskong ito gayunman, sa isang pang napakahalagang regalo na ibinigay ng Ama nang Kanyang handang isinakripisyo ang Kanyang Bugtong na Anak.*



Tayo ay nagiging katulad Nila kapag nauunawaan natin na hindi lang sarili natin ang dapat nating isipin. Tayo ay nagiging katulad Nila kapag naglilingkod tayo sa ating kapwa. Kung mauunawaan natin ang dakilang regalo ng Ama at ng Anak, malalaman natin na, "dahil biyaya sa [atin] ay kay rami, sa [ating] kapwa'y dapat lang magbahagi." ("Dahil Biyaya sa Akin ay Kayrami," *Himno*, no. 133)

kasalanan at kahinaan, ito ang kailangang maging dakila at huling hain. (Alma 34:14-16) Isipin sandali ang hindi mailarawang kasiyahan ng Ama nang sa wakas ang Kanyang Bugtong na Anak ay inusal ang mga salitang ito, "naganap na," at itinungo ang Kanyang ulo at namatay. (Juan 19:30)

Kami ng asawa kong si Marcia ay may anim na anak. Tumitindi ang pagmamahal namin sa kanila sa bawat paglipas ng araw. Hindi namin akalain noon na magkakaroon kami ng mga anak na mamahalin namin nang ganito. Kapag nahihirapan ang aming mga anak halos hindi namin ito makayanan bilang mga magulang na hayaan at masdan lamang sila.

Nang iwan namin ang aming apat na anak na lalaki sa MTC sa pagsisimula ng kanilang misyon, nalalaman na mahirap ang bagong asaynment na ito para sa kanila, halos hindi namin mapigilan ang emosyon namin. Higit sa lahat gusto namin silang maglingkod, pero alam naming hindi namin sila makakasama sa loob ng dalawang taon at mahihirapan sila sa mga bagong wika, bagong pamumuhay at sa hamon na makapagpabalik-loob ng mga tao.

Nang ang aming dalawang anak na babae ay nagsilang at nakaranas ng sakit at mga pagbabago sa kanilang katawan at emosyon, bilang mga magulang, hindi namin makayanang masdan sila. Alam namin na sa walang hanggang plano sa mga bagay-bagay ay iyon lamang ang tanging paraan, pero kapag anak mo na ang pinag-uusapan, parang gusto mong iba ang mangyari.

Nakatutuwa na ang mga pioneer na nagsakripisyo nang labis para itatag ang Simbahan ay nagsabing kanilang "nakilala [ang Diyos] sa [kanilang] pinakamatinding kagipitan." (*Ang Ating Pamana*, pahina 94) Kapag nakakakita tayo ng bahagyang kahirapan; kapag nararanasan natin ang pagdadalamhati; kapag nakadarama tayo ng kalungkutan sa pasakit na idinulot natin; nauunawaan natin ang walang katumbas na regalo ng Ama nang kanyang ialay ang Kanyang Bugtong na Anak.

Ano ang hinihinging kapalit sa atin ng Ama sa napakagandang regalong ito? Sinagot ni Haring Benjamin ang tanong na iyan nang sabihin niya, "At masdan, ang hinihingi lamang niya sa inyo ay sundin ang kanyang mga kautusan." (Mosias 2:22) Nang tanungin kung anong uri ng tao ba tayo nararapat maging, tumugon ang Tagapagligtas, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, maging katulad ko." (3 Nephi 27:27) Tayo ay nagiging katulad Nila kapag nauunawaan natin na hindi lang sarili natin ang dapat nating isipin. Tayo ay nagiging katulad Nila kapag naglilingkod tayo sa ating kapwa. Kung mauunawaan natin ang dakilang regalo ng Ama at ng Anak, malalaman natin na, "dahil biyaya sa [atin] ay kay rami, sa [ating] kapwa'y dapat lang magbahagi." ("Dahil Biyaya sa Akin ay Kayrami," Himno, no. 133)

Sa Kapaskuhang ito, iisipin ko ang tatlong regalo. Ang una ay ang regalo ng Anak sa pag-aalay ng Kanyang buhay upang tayo ay mabuhay muli, at pagbabayad-sala upang tayo ay mapatawad. Ang ikalawa ay ang kamangha-manghang regalo ng Ama nang ialay Niya ang Kanyang Anak para magbayad para sa mga kasalanang hindi Niya ginawa at pasanin ang kalungkutang hindi Siya ang may likha. (Tignan sa I Mga Taga Corinto 7:23) Ang ikatlong regalo ay ang dapat kong ibigay sa pagsunod ko sa Kanilang halimbawa.

Nawa ang ating isipan sa Kapaskuhang ito ay bumaling sa Kanila at nawa ay masunod natin Sila habang nagtutuon tayo sa ipinagkaloob Nila, at nang sa gayon, mabaling ang ating isipan sa maibibigay natin sa Paskong ito.

## "Ano ang maibibigay ninyo sa Pasko?"



# Bumisita ang mga General Authorities sa Pilipinas

*Bumisita sa Pilipinas sina Elder David A. Bednar at Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol, Elder Tad R. Callister ng Panguluhan ng Pitumpu, at si Bishop Dean M. Davies ng Presiding Bishopric kasama ang kanilang mga asawa mula Agosto 24 hanggang Setyembre 2, 2012. Binisita ng mga Kapatid ang iba't ibang bahagi ng Pilipinas at pinamunuan ang priesthood leadership training, mga young single adult devotional at mga pulong para sa mga misyonero. Pinamunuan din nila ang isang espesyal na debosyonal para sa mga temple worker. Bukod pa rito, nakausap ni Elder Cook ang dalawang senador sa Pilipinas na sina Vicente R. Sotto III at Gregorio Honasan.*

**LAGUNA**

Natuwa ang mga Banal sa lalawigan ng Laguna at kalapit nitong mga lugar nang bumisita roon sina Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol at Sister Bednar at namuno sa mga training at pulong.

Sina Elder at Sister Bednar, kasama sina Elder Michael John U. Teh, Philippines Area President, at Sister Teh ay nangulo sa isang espesyal na young single adult meeting noong ika-24 ng Agosto sa San Pablo Stake Center. Ang pulong ay hindi karaniwang debosyonal na nakasanayan ng karamihan sa mga Pilipino. Ang mga young single adult mula sa maraming stake at district ay binigyan ng pagkakataong magtanong. Ang mga tanong ay iba-iba tulad ng mga miyembrong naroon. Ang ilang tanong ay tungkol sa doktrina at ang ilan ay mas personal.

Ipinaliwanag ni Elder Bednar ang layunin ng pulong at kung bakit gusto niyang magtanong sila. Nagturo siya gamit ang huwarang ito, alam natin na maaari tayong makakuha ng sagot mula sa Espiritu Santo para sa mga suliranin natin sa ating buhay. Kailangang maging mga kinatawan tayo ng ating mga sarili na kumikilos at hindi mga bagay na pinakikilos. Sinabi niya: "Hindi ninyo kailangang makasama ang isang General Authority o makapunta sa pulong na tulad nito para maranasan ang nangyari ngayon."

Maraming dalaga't binata ng Simbahan ang naantig sa simple ngunit matinding lesson ni Elder Bednar. Sinabi ni Moselle Tobias, isang kolehiyala na dumadalo rin sa Los Baños Institute of Religion: Kahit hindi ako nagkaroon ng pagkakataon na itanong ito, nakatanggap pa rin ako ng sagot mula sa Espiritu Santo.





May natutuhan din si Kelly Ann Balane na magagamit niya sa kanyang pag-aaral. "Sa paaralan, tulad sa totoong buhay, natututuhan natin ang mga bagay-bagay nang unti-unti, tuntunin sa tuntunin."

"Mas malinaw kong naunawaan na kailangan kong pagbutihin ang aking espirituwalidad araw-araw," sabi ni Ian Reyes, isang returned missionary mula sa Lipa Stake.

Isang umaga ng Sabado, Agosto 25, nangulo si Elder Bednar sa Priesthood Leadership Conference para sa mga stake, mission, at district presidency, mga bishop at branch president na sakop ng San Pablo Mission. Kasama niya sina Bishop Dean M. Davis ng Presiding Bishopric, Elder Michael Teh, Elder Miguel R. Valdez ng area seventy, at President George E. Peterson ng San Pablo Mission.

Pagkatapos ng kumperensya sinabi ni Bishop Rhodell Agustin ng Santa Rosa 2nd Ward, Cabuyao Stake, "Nahikayat ako, napasigla at napalakas sa espirituwal."

"Ang Espiritu ay kamangha-mangha at damang-dama," sabi pa ni President Roland Garcia ng Santa Cruz Philippines Stake. "Talagang tumimo ang mga payo sa aming puso kahit hindi gaanong naunawaan ng ilan sa amin ang Ingles."

**Pinulong din ni Elder Bednar at ng kanyang mga kasama ang mga full-time missionary sa San Pablo nang araw ring iyon. Narito ang ilang komento ng mga misyonero:**

"Nalaman ko na ang malaking pananampalataya ay dapat

magsimula sa aming mga misyonero."—Elder Illustrisimo

"Dapat naming ituring ang aming mga investigator na mga kinatawan ng kanilang mga sarili na may kakayahang kumilos at hindi mga bagay na pinakikilos."—Sister Carmichael

"Kahanga-hanga siya at napaka-espirituwal. Napakapalad namin."—Sister Macariola.

"Napaka-espirituwal ng kaanyuan ni Elder Bednar. Kailangang maging mas masunurin ako sa mga patakaran ng mission kung gusto kong magkaroon ng gayong espirituwalidad."—Elder Pablico

Noong Linggo ng ika-26 ng Agosto, si Elder Bednar at ang kanyang mga kasama ay bumisita sa mga miyembro ng Cabuyao Philippines Stake at ginanap ang isang special stake conference.



## LEGAZPI CITY

Pinulong nina Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol at Elder Tad R. Callister ng Panguluhan ng Pitumpu ang mga lider ng priesthood mula sa apat na stake at walong district sa Naga Mission sa isang regional priesthood leadership conference na ginanap sa Legazpi Stake Center noong Agosto 25, 2012. Kasama nila sina Elder Ian Ardern, Pangalawang Tagapayo sa Area Presidency at Elder Abenir Pajaro, Area Seventy.

Ang mga stake at district president at mga bishop at branch president na dumalo sa leadership conference ay mula sa Daet, Goa, Legazpi at Naga



stake at mula sa Bulan, Catanduanes, Iriga, Ligao, Masbate, Pamplona, Sorsogon at Tabaco district. Ang mga lider ng priesthood ay dumating sakay ng sasakyan at barko at ang ilan ay nagbiyahe nang hanggang apat na oras para makita ang Apostol ng Panginoon at marinig ang kanyang mensahe.

Tumanggap ng tagubilin ang mga lider ng priesthood at nakibahagi sa tanong-at-sagot sa loob ng apat na oras na pulong. "Alam ko na ang kanyang [Elder Cook] mensahe ay totoong mula sa Diyos. Nadama ko ang Espiritu at marami akong natutuhan na madadala at maibabahagi ko sa mga lider sa aming branch, lalo na ang itinuro tungkol sa paano natin mamahalin at tutulungan ang mga miyembrong nanghihina sa kanilang pananampalataya," sabi ni President Dante Osila ng Bololo Branch. Ayon kay Bishop Cristito Pacunza ng Naga 1st Ward, ang pagdalo niya sa kumperensya ay nakatulong sa kanya na mas malaman pa ang dapat niyang gawin sa kanyang mga tungkulin at nainspirasyunan siya kung paano niya tutulungan ang mga tao sa kanyang branch sa paraang hindi niya naisip noon.

Pagkatapos ng priesthood leadership conference, kinausap ng mga General Authority at kanilang asawa ang mga full-time missionary sa pulong para sa mga misyonero kasama si President Bliesner, Naga Mission President at kanyang asawa na si Sister Bliesner. Nagkaroon ng pagkakataon ang bawat misyonero na kamayan ang mga General Authority bago magsimula ang pulong. Si Sister Mayores, isang misyonero na naroon sa pulong, ay ibinahagi ang kanyang karanasan: "Nadama ko ang pagmamahal ng Panginoon sa akin at sa aking pamilya nang mag-iwan ng basbas si Elder Cook sa amin na naroroon. Nahikayat akong magpakabuti pa tulad ng paghihikayat sa amin ni Elder Callister na maging banal at dalisay na mga misyonero."

Nangulo si Elder Cook sa sa Legazpi ng araw ng Linggo, Agosto 26, 2012. Punung-puno ng mga miyembro ang sacrament at cultural hall ng Legazpi Stake Center, pati na ang dalawang silid, na nilagyan ng video. Itinuro ni Elder Cook kung paano natin laging nanaising makapagpalakas ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo kapag nagtuturo at nagsasalita tayo sa Simbahan. Nagsalita siya tungkol sa kahalagahan ng mga salita ng mga propeta tulad ng pagbibigay-diin ni Pangulong Heber J. Grant sa pagsunod sa Word of Wisdom noong panahong hindi pa nauunawaan ang epekto ng sigarilyo at alak sa katawan. Binigyang-diin niya ang kahalagahan ng mag-asawa bilang magkasamang may pantay na pananagutan tulad ng itinuro sa pagpapahahayag ng mag-anak na inihayag sa panahon ni Pangulong Gordon B. Hinckley. Binanggit niya ang mga itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson tungkol sa pagpapasalamat. Pinayuhan niya ang mga kabataan at mga young single adult: "Huwag hayaang manghina ang inyong pananampalataya dahil sa inyong mga pag-aalinlangan."

Itinuro niya na ang pananampalataya kay Jesucristo ay tumutulong sa atin na maisakatuparan ang dapat gawin. Nagpatotoo siya na ang pagsunod sa mga kautusan ay magdudulot ng kapayapaan sa buhay na ito at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating, na sa pagsunod sa mga kautusan, tayo ay mananagana sa lupain. Sinabi niya na maaaring ang kasaganahan ay sa temporal, ngunit nananagana pa rin tayo dahil nasa atin ang Espiritu Santo at patnubay ng langit upang magkaroon ng walang hanggang pamilya.

Tinapos ni Elder Cook ang kanyang mensahe sa pag-iwan ng basbas sa mga naroon. Nagpatotoo siya, bilang natatanging saksi ni Jesucristo, tungkol sa kabanalan ng Tagapagligtas at na Siya ay buhay. Sa pagtatapos ng pulong, personal na binati ni Elder Cook ang mga miyembro na naghintay sa paglabas niya.

## ILOILO

### Espesyal na Pulong para sa mga Misyonero

Mahigit 100 full-time missionary ang nagbiyahe patawid sa Panay Island upang dumalo sa espesyal na debosyonal kasama ang apostol ng Panginoon. Kasama ni Elder Bednar ang kanyang asawa na si Susan at sina Elder at Sister Ardern at Bishop at Sister Davies.

Hinikayat ni Elder Bednar ang mga misyonero na isulat ang mga bagay na sinasabi ng Espiritu at hindi ang mga bagay na literal na naririnig ng kanilang mga tainga.

Itinuro niya kung ano ang epektibong pagtuturo. Binigyang-diin niya na ang pagsasalita ay hindi pagtuturo. Ang pakikinig, pagmamasid, pag-unawa sa sinabi at pagkatapos ay pagsasalita ang siyang pagtuturo. Itinuro niya na ang pagkatuto at pagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu ay mahalaga sa mga misyonero at investigator upang sila ay mapalakas. Ipinaliwanag niya hindi dapat makahadlang ang huwaran sa pagtuturo ng ebanghelyo sa epektibong pagtuturo at ang bawat isa ay dapat magtuon sa pagtuturo sa pamamagitan ng espiritu. Sinabi pa niya na ang ebanghelyo ay hindi pagtuturo ng kaalaman sa ebanghelyo sa halip ito ay paghihikayat sa tao na kumilos ayon sa alam niyang katotohanan. Pinabasa niya ang mga banal na kasulatan sa mga misyonero at tinanong sila kung ano ang nakintal sa isipan nila habang binabasa nila ito. Nagtaas ng kamay ang mga boluntaryo at sumagot.

Itinuro ni Elder Bednar na ang pananampalataya ay alituntunin ng pagkilos at na ang kapangyarihang iyon ay dumarating kapag kumilos





ang mga tao ayon sa kanilang pananampalataya. Kapag nagdarasal tayo dapat nating hilingin na magkaroon tayo ng kakayahang kumilos upang magkaroon tayo ng espirituwal na lakas. Binigyang-diin niya na hindi tayo dapat katulad lang ng iba pang mabubuting Kristiyano at, sa katunayan dapat mas pinagbubuti pa natin ang ating sarili sa pagiging mas espirituwal kaysa sa iba.

### Young Single Adult Devotional

Daan-daang young single adult mula sa Panay at Guimaras Island ang nagtipun-tipon para maranasan ang "minsan lang dumating na pagkakataong" makasama si Elder Bednar. Binigyang-diin niya ang kahalagahan ng pagtanggap ng paghahayag at sinabing matuturuan lamang niya tayo ayon sa nais nating matanggap. Muli niyang sinabi na ang kalayaan ay kakayahang kumilos para sa sarili at hindi pinakikilos. Binigyang-diin niya na "ang pananampalataya ay hindi lamang pag-asa at pag-asam kundi pagkilos para sa isang bagay".

Pinasali ni Elder Bednar sa talakayan ang young single adult sa pag-anyaya sa kanila na magsulat ng mga tanong tungkol sa iba't ibang paksa sa ebanghelyo. Nagbigay siya ng mahahalagang payo nang sagutin niya ang mga tanong. Sinabi ni Elder Bednar na ang Espiritu ng Panginoon ang nagbibigay sa kanila ng sagot.

Nagbiyahe nang mahaba at malayo ang mga young single adult para maging bahagi ng mahalagang pulong na ito kasama si Elder Bednar. Ang ilan ay limang oras nagbiyahe sakay ng bus at jeepney. Ang iba pa ay sakay ng de-motor na bangka at trisikad. Simple lang ang paglalakbay ng halos lahat. Lahat ay naglakbay nang taos-puso at kasabikan na maging bahagi ng mahalagang kaganapang ito. Marami ang nakituloy sa mga tahanan ng mga miyembro na nakatira sa Iloilo area.

#### FEEDBACK MULA SA MGA NAGSIDALO

Napakalakas ng presensya ng Espiritu Santo sa chapel. Nakinita-kinita ko ang inspirasyong mula sa Espiritu na hindi lamang tutulong sa mga taong tinuturuan namin kundi sa akin din. Habang nagsasalita si Elder Bednar, pinagnilayan ko ang inihayag ng Diyos kay Abraham tungkol sa "marami ang marangal at dakila" bago ang pagkalikha ng mundo

at pinatototohanan ko na si Elder Bednar ay isa sa kanila, pinili ng Diyos upang maging propeta, tagakita at tagapaghayag.
**—Elder Jarmillos**
*Tigbauan Branch, Iloilo Mission*

Nang magsalita si Elder Bednar, napakalakas ng espiritu roon na hindi ko pa kailanman nadama noon sa aking buhay. Pinatotohanan ng Espiritu ang katotohanan ng ebanghelyo sa akin at nagpatotoo rin ng maraming bagay, na kailangan ko sa sandaling iyon.

Nang magsalita siya, alam kong lahat ng misyonero na naroon ay napalakas at natuto ng iba-ibang bagay. Alam ko na si Elder Bednar ay Apostol ng Panginoon at nainspirasyunan ako na lalo pang kumilos at mas lubos na tanggapin ang ebanghelyo.

May kapangyarihang mula sa langit ang naroon sa silid na iyon na hindi mailalarawan ng mga salita at hindi mauunawaan ng tao. Napasalahat ang Espiritu, itinuturo ang yaong hinahangad namin o kailangan sa panahong iyon.
**—Elder Whiting**
*Pototan Branch, Iloilo Mission*

Bilang full-time missionary, kami ay tinawag na ipahayag ang ebanghelyo. Ang kapangyarihan ng langit ay napasaamin. Narito kami para ituro ang ebanghelyo ni Jesucristo ngunit dapat naming palaging tandaan na ang tunay na guro ay ang Espiritu Santo, na kapag angkop itong naanyayahan ay maaaring manahan sa tahanan ng aming tinuturuan. Kaya nga magturo nang malinaw, nang may pananalig, kapangyarihan at pagmamahal. Tulungan ang aming mga investigator at hindi gaanong aktibong mga miyembro na kumilos at hindi pinakikilos. Tulungan silang manampalataya sa paggawa ng lahat ng bagay na ito, ibinibigay ang lahat ng aming makakaya tulad ng sinabi sa Alma 26:27. Ibibigay Niya sa amin ang tagumpay.
**—Sister Manguil**
*Philippines Iloilo Mission*

Itinuro ni Elder Bednar sa amin ang gagawin namin kung gusto naming mas mapalapit sa Diyos at makatanggap ng sagot sa aming mga panalangin.
**—Elder Ligth**
*Mandurriao Ward, Iloilo Mission*

Napakalaking pagpapala na makasama ang apostol at ilang lider ng simbahan sa isang debosyonal, nalalamang ang mga taong ito ay mga kaibigan ng Diyos.

Habang kumakanta kami ng himno, labis na nagalak ang puso ko. Malakas ang Espiritu. Nagpapasalamat ako na tinanggap ko siya rito sa Iloilo. Sabi sa Doktrina at mga Tipan 84:36 "Sapagkat siya na tumatanggap sa aking mga tagapaglingkod ay tinatanggap ako (si Jesucristo)."
**—Sister Gazelem Ann Torres**
*Arevalo Ward, Iloilo Stake*

Talagang napuspos ako ng Espiritu habang nakikinig kami sa magagandang payo ni Elder Bednar para sa aming mga single adult. Lalo pang lumakas ang aking patotoo. Maraming bagay akong natutuhan na talagang nakatulong sa akin na lalo pang maghanda sa paglilingkod ko sa ubasan ng Panginoon. Lalo akong naging inspirado na ipangaral ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Lahat tayo ay mahal ng Ama sa Langit. Patuloy Niyang ipinakikita ang Kanyang pagmamahal sa pamamagitan ng kanyang popeta at mga apostol.
**—Julius Defacto**
*Passi Branch, Iloilo Philippines North Stake*

Nang magsalita si Elder Bednar, pinagtibay sa akin ng Espiritu, sa aking puso, na muli siyang nagsugo ng mga propeta, tagakita at tagapaghayag na mabubuhay sa balat ng lupa. Inantig Niya ako at nadama kong mas lalo pang pagtuunan ang nasa aking isipan at puso, habang nagsasalita si Elder Bednar. Ang pagbisita niya sa Iloilo ay mananatili sa aking puso. Pinatototohanan ko na mahal ako ng Diyos at Kanyang isinugo siya para personal akong matagubilinan.
**—Rhen Poll Tome Potato**
*Nueva Valencia Guimaras Branch*
*Iloilo Philippines Stake*

Maraming itinuro sa akin ang debosyonal. Ipinaalala nito sa akin na napakarami ko pang dapat matutuhan. Mahal ko ang mga lider at ang kanilang mga payo. Alam ko na ako'y walang kabuluhan kung ikukumpara ang aking lakas at mga talento. Pero alam ko na may mabubuti akong mga lider at mapagmahal na Ama sa Langit at si Jesucristo.

Pinatototohanan ko na si Elder Bednar ay totoong apostol ng Diyos. Nadama ko ang Espiritu at nagturo ito ng maraming bagay sa akin lalo na tungkol sa personal kong pananaw. Gagawin ko ang mga bagay na nais ng Panginoon para sa akin. Masigasig ko Siyang hahangarin sa aking buhay at susundin ang Kanyang kagustuhan. Hindi ko nalalaman ang lahat ng bagay ngunit nalalaman Niya ang lahat ng ito at inaatasan Niya ako ayon sa Kanyang kagustuhan.
**—Brenda Gadingan**
*Roxas Capiz Philippine Stake*

Isang nakapupuspos na kapayapan at kaligayahan ang pumawi sa aking mga alalahanin. Ang mga sagot ay naibigay sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Isang matinding katiyakan ang nagpatotoo sa akin na ang Simbahan ay totoo. Napakasaya ko na pagpapalain ang lahat. Naging napakalinaw ng ebanghelyo.
**—Arflor Blancaver**
*Iloilo City Ward, Iloilo Philippines Stake*

Napakasaya na makita ang isang apostol ng Panginoon, maraming akong natutuhan tungkol sa paghahanda sa aking sarili sa pagmimisyon at pagpili ng mabuting asawa na makakasama sa kawalang-hanggan. Ito ay napaka-espesyal na araw na itatangi at hindi malilimutan.
**—Brandon Kyle Sorilla**
*Mandurriao Ward, Iloilo Philippines Stake*

Nang malaman ko na pupulungin ni Elder Bednar ang mga single adult ng Panay Island, kaagad akong bumili ng tiket pauwi. Ang mga mensaheng narinig ko ay ang mismong kailangan ko. Napasaaking puso't isipan ang mga paghahayag at inspirasyon habang naroon ako sa fireside. Sulit ang oras at pagod ko na marinig ang isa sa mga Propeta ng Panginoon.
**—Camela Ann Londres**
*Pina Ward, Manila Philippines Stake*

Ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo ay tutulong sa atin na gamitin nang matalino ang ating kalayaang pumili. Mababawasan ang ating pangamba kapag pinag-aralan natin ang mga banal na kasulatan at isinabuhay ang Kanyang mga turo. Lahat ng kailangan natin sa buhay na ito, lalo na ang mga katanungan natin na hindi nasagot ay masasagot ng ebanghelyo. Ang kaligayahan ay matatamo sa pagtulong sa kapwa na makamtan nila ang kanilang kaligayahan.
**—Cyrelle Constantino**, *Molo 2nd Ward*

## OLONGAPO

"Magtalaga sa inyo ng isang guro, at huwag maging mga tagapagsalita ang lahat kaagad; sa halip magsalita nang isa-isa at makinig ang lahat sa kanyang sinasabi, upang kapag ang lahat ay nakapagsalita na ang lahat ay mapasigla ng lahat, at upang ang



bawat tao ay magkaroon ng pantay na pribilehiyo." (DatT 88:122).

Ang banal na kasulatang ito ay binasa sa pagsisimula ng missionary meeting kasama si Elder David A. Bednar noong Agosto 29. Kasama ni Elder Bednar sina Elder Ardern ng Philippines Area Presidency, Bishop Davies at kanilang asawa. Sila ay malugod na tinanggap nina Mission President Robert Querido at Sister Elsie Querido at District President Geraldo Angel.

Si President Querido, na nangasiwa sa pulong, ay pinayuhan ang lahat ng misyonero na hikayatin ang mga kabataang lalaki na magmisyon. Matapos ang pag-awit ng himno at panalangin, sinabi ni Sister Bednar na "kaygandang pagmasdan" ng lahat ng naroon. "Salamat sa pagiging kayo, sa kinakatawan ninyo, at kung sino kayo," ang sabi pa niya. Naalala niya noong nasa Colombia siya kasama si Elder Bednar napagalaman niya na lahat ng misyonero doon ay tubong Colombia. Nagpatuloy siya sa pagsasalita tungkol sa "kakaibang pananaw" at sinabi sa mga misyonero ang inaasam niya para sa Pilipinas. "Kapag ang bawat isa sa inyo ay nagturo, nagpatotoo at inakbayan ang isang kabataang lalaki, sabihin sa kanila kung gaano kasaya ang maging misyonero; mapupuno ng mga Pilipino ang kongregasyon," pagbabahagi niya. Sana sa paggawa nito, magkaroon tayo ng sapat na Pilipinong misyonero na maglilingkod sa Pilipinas. Sina Elder at Sister Bednar ay may tatlong anak na nakapagmisyon. Nagpatuloy siya sa pagbabahagi ng isang karanasan





noong ang isa sa kanyang mga anak na lalaki ay paalis na papunta sa mission. Binasa nilang mag-ina, nang magkasama, ang Doktrina at Tipan 84:87-88. At ito ay nagbigay sa kanila ng katiyakan na ang Espiritu ay mapapasa[kanilang] puso at ang Kanyang mga anghel ay nasa paligid [nila], upang dalhin [sila]. Hindi tayo kailanman nag-iisa.

Ang pulong na ito, tulad ng naunang sinabi ni Elder Bednar, ay iba sa inaasahan ng lahat. Matapos mabasa ang Doktrina at Tipan 88:122, nagtanong siya sa mga misyonero. "Ano ang natutuhan ninyo mula sa talatang ito at ano ang nakintal sa isipan ninyo?" Apat na misyonero ang isa-isang tumayo at sumagot. At bagama't magkakaiba ang sagot ng bawat isa, ang sinabi nila kahit paano ang inaasahang mangyari ni Elder Bednar, na lahat ay tatayo at magsasalita, sa kanyang paanyaya, ng kanilang nasasaisip at nalalaman. At sa pamamagitan ng huwarang ito, lahat ng naroon ay mapalakas, magalak at maunawaan ang isa't isa.

Sa simula pa lang ay hiniling na ni Elder Bednar na basahin at pag-aralan nila ang dalawang mensahe na ibinigay niya. Kaya nga tinanong niya sila kung ano ang natutuhan nila mula rito. Bagama't magkakaiba at personal, ang ibinahagi ng apat na misyonero ay tila nagbigay ng mga sagot sa mga tanong sa puso't isipan ng mga nakikinig.

**Sila ay kailangang kumilos ayon sa pananampalataya nila, at huwag lamang ipahayag ito. Maging mga kinatawan, tinuturuan ang mga tao sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.** Si Sister Gabelo na kararating lang sa MTC at nakatalaga sa Lubao 1st Branch ay ganito ang sinabi: "Nalaman ko kung gaano kalakas ang pananampalataya kung ito ay isasagawa mo. Nangangailangan ang pananampalataya ng pagkilos para maisakatuparan mo ang iyong layunin bilang tagapaglingkod ng Panginoon." Siya ngayon ay nagkaroon ng mas malaking hangaring tulungan ang mga investigator at hindi gaanong aktibong miyembro na "lumapit kay Cristo."

**Mapatatag sa huwarang itinuro sa kanila.** Si Sister Pavino, ang senior companion ni Sister Gabelo, ay natutuhan ang huwarang ginamit sa pulong. "Ito ang huwaran ng Panginoon na gusto Niyang gamitin namin, lalo na bilang mga misyonero." Naalala niya ang isa sa mga mensahe na binasa nila at patungkol dito sinabi ni Elder Bednar, "Ang pananampalataya ng tagapagturo ay napapalakas kapag tinutulungan niya ang iba na maghangad na matuto sa pamamagitan ng pananampalataya." May pagkakataong napapalakas ang kanyang pananampalataya ng mga tinuturuan nila at ngayon, natutuhan niyang kumilos ayon sa pananampalatayang iyon dahil ang pananampalataya ay hindi lamang paniniwala, kundi pagkilos nang ayon dito. Naliwanagan siya habang pinakikinggan niya ang lahat ng nagsalita at lahat ng naroon ay napalakas tulad niya. Tunay na nasagot ng Banal na Espiritu ang mga nais niyang malaman sa pamamagitan ng mga nagsalita.

Si Sister Cedenio, isa sa mga sister na naglilingkod sa Olongapo 1st Branch ay marami ring natutuhan mula sa huwarang ito na ginamit ni Elder Bednar. "Sinasabi rito na para matiyak na napapalakas din ang mga tinuturuan namin kapag nangangaral kami ng ebanghelyo, sila rin ay nagbabahagi ng kaalaman sa amin na natutuhan nila sa kanilang mga karanasan," pagbabahagi niya. Sabi pa niya, "itinuro ng huwaran sa amin na ang tunay na guro ay ang Espiritu Santo, at para maging mga

tagapakinig at tagatupad kami ng mga salita, hangaring maragdagan ang pananampalataya at kumilos nang ayon dito." Ikinararangal niyang matuto mula kina Elder Bednar, Elder Ardern, Bishop Davies at pati na rin sa kanilang asawa. At nagpapasalamat na nagtamo siya ng karunungan at alam niya na lahat ng ito ay makatutulong sa mga nakikinig na maging matagumpay na misyonero sa pag-antig nila sa puso ng mga tao.

**Lumapit kay Cristo sa pamamagitan ng "pagpapasakop at pagharap sa Kanya" at hindi pagtalikod.** Sinabi ni Elder Howes ng Calapacuan Branch na ang narinig niya ay nagturo sa kanya na ang pinakamainam na paraan para madama ang Espiritu sa gawaing misyonero ay sa pamamagitan ng pananampalataya na nariyan lang ang Espiritu. "Dapat maging masunurin kami, ibig sabihin nito ay paglapit sa Tagapagligtas, pagdaig sa likas na tao at pagiging hindi makasarili," pagbabahagi ni Elder Howes. Natutuhan niyang palaging humingi ng tulong sa Diyos sa planong ginawa nila sa tulong ng Espiritu. At hindi raw rin nila kailangang ikompromiso ang pagkakaisa at pagkamasunurin nila ng kanyang kompanyon, at mahalin at itama ang isa't isa. Nadama niya na napakalakas ng Espiritu, sinasagot ang mga katanungan ng kanyang kaluluwa, kahit minsan lang siyang tumayo at nagtanong. Namangha siya sa huwaran ng Diyos at kung paano tayo tinutulutan nito na gamitin ang ating kalayaang pumili at pananampalataya sa pamamagitan ng tapat na hangaring matugunan ang mga bagay na gusto nating malaman.

**Maging matiyaga dahil hindi lahat ng tao ay gumagawa ayon sa paraan mo.** Maging matapang ngunit may pagmamahal dahil kapag nabigo tayo na magbigay ng kailangang pagtatama, ito ay dahil iniisip lamang natin ang ating sarili at takot sa galit ng tao. Ang hindi paggawa niyo ay hindi pagmamahal.

**Palakasin ang ating mga kapatid.** Ang pagiging matatag at hindi natitinag sa paglipas ng panahon ay tunay na pagbabalik-loob. Hindi lamang isang beses tumayo si Elder Rosales sa pulong, ibinabahagi niya ang nasa isipan niya pati na rin ang mga bagay na hindi nasagot sa kanyang isipan. Marami rin siyang natutuhan mula sa huwarang itinuro. Sabi niya, "Bawat isa sa atin ay may pribilehiyong matuto kung tatanungin natin Siya nang may pananampalataya. Natutuhan kong ialay ang aking sarili sa Tagapagligtas." Sa isang bahagi ng pulong sa gabi, lalo siyang naantig nang hilingin sa kanila ni Elder Bednar na higit na magtuon sa pagtulong sa iba kaysa sa sarili. Siya ay napuspos ng Espiritu ng Panginoon at nagpatotoo na si Elder Bednar ay isang Apostol ng ating Panginoong Jesucristo. Inihalintulad niya ang kanyang damdamin sa isang pusong natarakan ng kutsilyo na nagpaalab sa kanyang damdamin sa bawat sagot na natanggap niya.

**Ang pakikinig at pagmamasid ay pangunahin at mahalagang bagay sa pagtulong sa mga nanghihina ang patotoo.** Magturo nang may tainga at pusong nakikinig at nang may pagmamahal, para madama nila ang pagmamahal ng ating Ama sa Langit at ng Tagapagligtas. Ang kompanyon ni Elder Rosales, nakatalaga sa Olongapo 2nd Branch, na si Elder Carrol ay napakarami ring natutuhan na kanyang naisulat. Gayunman may isang aral na nangibabaw sa lahat, ayon sa kanya, at iyon ay "ang tapat na pananampalataya ay may kaakibat na paggawa, at ang paggawang iyan ay maisasakatuparan sa maraming paraan. Kami ang mga tagapagdala ng pananampalatayang iyan kay Jesucristo at kailangang patuloy naming ipakita ang pananampalatayang iyan habang naglilingkod sa mission at sa habang buhay. Pinagtibay sa kanya ang sinabi ni Sister Bednar sa simula ng pulong na ang Espiritu Santo ay magpapatotoo na si Elder Bednar ay totoong Apostol ni Jesucristo. Sinabi niya, "Lahat ng himaymay sa aking katawan ay nagnanais na patuloy na maglingkod kay Jesucristo, na balang-araw, makatutulong ako sa iba na maunawaan ang ebanghelyo tulad ko." Napasigla, ang kanyang pagtitiwala ay lalo pang lumakas sa harapan ng Diyos tulad ng nakasaad sa Doktrina at Tipan 121:45.

**Kung ating tunay na nauunawaan ang ibig sabihin ng taglayin natin ang pangalan ni Cristo; hindi natin pipiliing maging suwail at suwayin ang anumang kautusan.** Manalangin tayo ng taimtim at hindi basta-basta lang, gawin ito nang may tunay na layunin at katapatan.

Sa pagtatapos ng pulong, hiniling ni Elder Bednar sa bawat isa na pag-isipan ang mga tanong na ito sa pag-uwi nila, "Batay sa natutuhan ko, namasdan at nadama sa araw na ito, ano ang gagawin ko? Ano ang gagawin natin?" Ang pagsasabi ng amen ay nangangahulugang "sisimulan namin."

## CAGAYAN DE ORO

### Sinabihan ni Elder Cook ang mga Young Single Adult na Alisin ang Pag-aalinlangan at Dagdagan ang





**Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo**

Noong Biyernes, Agosto 31, 2012, si Elder Cook kasama ang kanyang asawa, sina Bishop Davies at Sister Darla Davies, Elder Teh ng Area Presidency at Sister Teh, Elder Remigio Meim, isang Area Seventy at Sister Meim, ay nagpulong at nagdaos ng debosyonal para sa mga young single adult sa Cagayan de Oro City.

Ibinahagi ni Elder Cook ang kanyang mensahe gamit ang dalawang tala mula sa banal na kasulatan tungkol sa Tagapagligtas. Ang unang tala ay sa Marcos; ito ay tungkol sa isang ama na may anak na may masamang espiritu na kailangang pagalingin. Ang pananampalataya ng ama ang dahilan kaya napagaling ng Tagapagligtas ang anak nito at ganito ang sinabi ng ama sa Tagapagligtas, "[Panginoon] tulungan mo ang kakulangan ko ng pananampalataya." (Marcos 9:24) Sa maraming pagsubok na kinakaharap ngayon ng mga young single adult ng Simbahan, sinabi ni Elder Cook "alisin ang inyong pag-aalinlangan, huwag hayaang mamayani ang pag-aalinlangan sa inyong buhay, huwag hayaang ang inyong pag-aalinlangan ang maging batayan ng inyong pagpapasiya, maging ito man ay sa pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at pagsamba sa Kanya, o kung ito ay tungkol sa may lakas ba ako ng loob na mag-asawa o maging matwid sa tuwina. Alisin ang inyong pag-aalinlangan at pagtuunan ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo."

Ang isa pang tala na tungkol sa Tagapagligtas ay makikita sa Lucas, ito ay tungkol sa isang babae na napagaling sa paghipo ng laylayan ng kasuotan ng Tagapagligtas. Kapag nanampalataya tayo sa ating Tagapagligtas matatanto natin ang kapangyarihan ng ating mabubuting hangarin sa ating buhay sa pamamagitan ng pagdarasal at paniniwala na lahat ay maisasagawa.

Sinabi ni Emerson Sojor mula sa Iligan Philippines Stake, "Alam ko na magbabago ang pananaw ko sa aking buhay kapag gumawa ako ng mahahalagang desisyon at kapag nagmisyon ako." Tinukoy ang nakatala tungkol sa Tagapagligtas, sinabi ni Elder Cook, "Nadaraig ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ang lahat ng hindi makatwiran sa buhay." Kapag umaasa tayo sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, makakayanan natin ang lahat ng pagsubok na kinakaharap natin ngayon.

Sinabi ni Joshua Crisanto ng Iligan Philippines Stake, "Natutuhan ko ang alituntunin na hindi natin dapat hayaang manaig ang ating pag-aalinlangan sa ating buhay, at lalo pang palakasin ang ating pananampalataya, at dapat tayong magtiwala sa Panginoon sa tuwina at umasa sa Kanyang takdang panahon."

Sinabi ni Somie Sanchez Jr. mula sa Cagayan de Oro Stake, "Gusto ko ang ibinahagi nina Elder at Sister Teh na upang magkaroon tayo ng matibay na pundasyon ng pagmamahalan sa pamilya, kailangan nating magkaroon ng malakas na patotoo tungkol sa Tagapagligtas, at hanapin din natin ang mga katangiang tulad ng pagkakaroon ng malakas na patotoo at pagmamahal sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo sa ating makakasama sa kawalang hanggan. Natutuhan ko rin sa mensahe ni Elder Cook na dapat nating palitan ng pananampalataya ang pag-aalinlangan."

Sinabi naman ni Jeafha Torres mula sa Malaybalay Philippines District, "Marami akong natutuhan sa debosyonal lalo tungkol sa mga bagay na dapat namin, bilang mga single adult, na harapin tulad ng pagpapasiyang magmisyon, magtrabaho, magpakasal sa templo at ang kahalagahan ng pagtitiyaga sa lahat ng aming ginagawa. Natutuhan ko rin sa iba pang lider na naroon sa debosyonal ang tungkol sa kahalagahan ng paghahanap ng mga katangiang dapat taglayin ng ating makakasama sa kawalang hanggan, tulad ng kahalagahan ng pagmamahal nila sa ating Tagapagligtas."

"Kayo ay isang dakilang henerasyon. Kayo'y grupong napakahalaga sa kaharian ng Panginoon. Kailangan ang inyong kabutihan at ang bansang ito ay kailangang maging mas matatag. Magkakaroon ng epekto dahil sa lakas ng Simbahan sa Pilipinas na magpapala sa mga tao sa buong Asya," ayon kay Elder Cook. Upang maisakatuparan iyan, kailangan nating isaayos ang ating mga priyoridad, alisin ang ating pag-aanlilangan, manampalataya, at magpakasal at gawin ang mga bagay na tutulong sa atin na magawa iyan.

**PRIESTHOOD LEADERSHIP TRAINING**

Ang mga lider ng priesthood ay napalakas sa kanilang mga tungkulin nang lumabas sila matapos ang training. Marami ang nakadamang mapalad sila dahil mas lumakas ang kanilang patotoo at tumindi ang kanilang hangaring patuloy na maglingkod sa Panginoon nang buong puso. Inihayag ni President Enguito ng Oroquieta Stake ang dagdag na kaalaman na natamo niya sa training: "Natutuhan ko na bilang mga lider, dapat kaming maging bahagi sa pagpapatatag ng pananampalataya ng mga miyembro ng Simbahan. Bukod pa riyan, nalaman ko na ang tahanan ang tunay na pangunahing lugar sa pagpapabuti at pagliligtas ng bagong henerasyon."

Ibinahagi rin ni President Ang, 1st Counselor ng Philippines Cagayan de Oro Mission ang kanyang pananaw: "Napakaganda ng tagubiling



natanggap namin mula sa mga lider, kami ay inatasang magtuon sa aming pamilya. Bilang mga lider, marami kaming responsibilidad at priyoridad, kung saan ang mga bagay na ito ay dapat umakay sa amin sa pagpapatatag ng aming pamilya at hindi pagpapabaya sa kanila. Bukod pa rito, marami akong natutuhan tungkol sa kahalagahan ng visiting teaching at nakatutulong ito sa mga mayhawak ng priesthood na mapagpala ang mga pamilya. Isang pagpapala ang marinig ang mga ito sa mga lider na bumisita."

Masaya ang mga lider ng priesthood pagkatapos ng training at nabuksan ang kanilang isipan sa kung ano pa ang inaasahan sa kanilang mga tungkulin. Ipinahayag ni Pres. Crisanto ng Iligan Philippines Stake ang nadama niya: "Talagang inaasam ko ang pagbisitang ito at napakasaya ko sa training. Tunay na isang malaking biyaya ang makasama si Elder Cook at ang iba pang mga lider. Ang napapanahong pagtuturo ng mga alituntunin at banal na kasulatan na ibinahagi nila ang pinakamahalaga, talagang ang mga alituntuning iyon ang kailangan namin ngayon. Sa pagbanggit tungkol sa mga tahanan, sinabi ni Bishop Davies na sa lahat ng tungkulin na mayroon tayo, ang pinakamahalaga ay ang tungkulin sa pamilya."

## DAVAO

**Pagbisita sa mga Banal sa Davao**

Magtuon sa perlas hindi sa kahon. Isang lalaki na nagmamay-ari ng malaking perlas ang gustong ipakita ang napakahalagang hiyas sa kanyang mga kaibigan. May ipinagawa siyang kahon. Napakaganda ng pagkakagawa sa kahon kaya't ang mga taong lumalapit para makita ang displey ay humahanga sa kahon hindi sa perlas.

Sa pagtukoy sa alegoryang ito, pinayuhan ni Elder David A. Bednar, ng Korum ng Labindalawang Apostol ang mga lider ng Simbahan sa Davao at Butuan Mission na iligtas ang perlas (miyembro) at hindi magtuon sa kahon (mga programa) kapag naglilingkod sa kanilang mga miyembro. Hinikayat niya sila na ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo at umasa sa Espiritu Santo habang kanilang isinasakatuparan ang kanilang mga responsibilidad at binigyang-diin na hindi sapat ang magpayo lamang ngunit mahalagang anyayahan ang bawat isa na ipamuhay ang natutuhan nila habang lumalapit sila kay Cristo.

Nagtipon ang mga district at stake president pati na ang mga bishop mula sa mga mission na ito sa Claveria Chapel noong Sabado, Setyembre 1, 2012 upang tumanggap ng payo mula kay Elder Bednar. Sa pagtatapos ng training sinabi ng isang lider ng priesthood na dapat magsimula sa kanya at sa kanyang pamilya ang pamumuhay ng ebanghelyo upang magkaroon sila ng moral na karapatan na makapaglingkod. Marami ang nagbahagi ng paniniwala nila na kailangang umasa sa mga pahiwatig ng Banal na Espiritu kapag ginagawa nila ang kanilang mga responsibilidad.

Kagalakan at pag-asa ang napasapuso ng mga naroroon. Hindi na sila makapaghintay pa na subukan ang mga payong ito at makita na natutupad ang mga pangako ng Panginoon sa bawat tungkulin nila.

Sa bagay ring iyon, ang pag-anyaya sa mga investigator na gawin ang kanilang mga pangako para magkaroon sila ng patotoo ang natutuhan naman nina Elder Nadado at Elder Hallig sa pulong na idinaos ni Elder Bednar para sa mga misyonero ng Davao Mission. Sinabi nilang dalawa na mas matutulungan ng mga misyonero ang kanilang mga investigator kung kanilang aanyayahan sila na magpasiyang gawin ang kanilang mga pangako para magkaroon sila ng sariling patotoo.

Binigyang-diin ni Elder Hallig ang kahalagahan ng pagsunod sa mga patakaran sa mission upang dumating ang mga pagpapala at si Elder Nadado naman na naantig nang husto ng Espiritu ay nagpasiyang kalimutan ang kanyang sarili at magtuon sa kagustuhan ng Tagapagligtas na si Jesucristo.

Sa pagtatapos ng pulong, isang matinding tanong ang iniwan sa kanila na kanilang pag-iisipan, na halos isang paanyaya, "Batay sa namasdan ko, natutuhan at nadama, ano ang gagawin ko?"

## PASAY CITY

Dahil naglingkod sa mga Pilipino mula Agosto 1996 hanggang Agosto 1998 bilang miyembro ng Philippines Area Presidency, buong pagmamahal na naalala ni Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol ang bansang minahal niya nang magsalita siya sa mga miyembro



ng Pasay Philippines Stake sa isang espesyal na pulong na ginanap sa araw ng Linggo noong Setyembre, 2012.

"Mahal ko ang mga Pilipino. Napakaganda ng bansa ito, na may mayamang kasaysayan ng pagmamahal sa Tagapagligtas."

Inorganisa at binuo ni Elder Cook ang Pasay Philippines Stake mula sa Parañaque Philippines Stake noong 1998 na may limang ward lamang. Sa kanyang mensahe, binigyang-diin niya ang kahalagahan ng mga pamilya; ng mag-asawa na may pantay na pananagutan; at ang tungkol sa Simbahan na lumabas mula sa karimlan sa mga araw na ito. Pinayuhan din niya ang mga miyembro na suportahan ang pagsagip na ginagawa ng Philippines Area Presidency---sa pagtulong sa mga hindi gaanong aktibo at ipadama sa kanila na malugod silang tinatanggap na muli sa kawan.

Si Gabriel Tongco, isang 14 na taong gulang na bata mula sa Manila First Ward, ay ibinahagi ang kanyang damdamin sa pagbisita ng apostol: "Ito ang kauna-unahang pagkakataon na nakamayan ko at narinig na nagsalita nang harapan ang isang Apostol. Nadama ko ang Espiritu habang nagsasalita si Elder Cook. Masasabi ko na isa siyang mabuting tao sa kanyang kilos at pananalita. Nadama ko ang katotohanan ng kanyang sinasabi. Gusto ko ang mensahe niya tungkol sa pantay na pananagutan ng mga mag-asawa, dahil nakikita ko na ginagawa iyan ng aking mga magulang sa aming tahanan."

Ang mensahe ni Elder Cook ay nakatuon lalo na sa mga young single adult. Pinayuhan niya sila na palakasin ang kanilang pananampalataya at alisin ang pag-aalinlangan. Sinabi niya na

kung mananatili silang tapat sa Simbahan at kikilos ayon sa kanilang pananampalataya, malulutas at mababawasan ang anumang pag-aalinlangan nila.

Sinabi ng Pasay First Ward librarian na si Gretel Alcaraz na masaya siya nang magbigay ng payo si Elder Cook lalo na sa mga young single member ng kongregasyon. Sabi niya, "Ngayon alam ko na dapat akong manampalataya at huwag mawalan ng pag-asa sa mga bagay na inaasam ko."

Sinabi ni Philippines Manila Mission president Lyle Jay Stucki, na dumalo sa espesyal na kumperansya kasama ang kanyang asawa: "Naisip ko na mahalagang bumalik dito si Elder Cook pagkaraan ng maraming taon nang iorganisa niya ang stake. Nagbigay siya ng matinding mensahe sa mga kabataan, at ipinaalala sa atin na kapag sinusunod natin ang propeta, tiyak na pagpapalain ang ating buhay. Iyan ay malaking pagpapala na kanyang ibinigay, at nagpapasalamat ako na narito ako ngayon."

Kasama ni Elder Cook ang kanyang asawa na si Mary Cook, si Elder Ian S. Ardern, Second Counselor sa Area Presidency at ang kanyang asawa na si Paula Ardern.

**Pinulong ni Elder Bednar ang mga Ordinance Worker ng Manila Temple**



Napuno ang  Quezon City South Stake Center ng mga ordinance worker ng Manila Temple para sa espesyal na pulong kasama si Elder Bednar noong Agosto 26, 2012. Isang oras bago ang pulong, puno na ang chapel ng mga temple ordinance worker, lahat ay sabik na matagubilinan ng tinig ng isang apostol.

Naroon din sa pulong ang asawa ni Elder Bednar na si Susan Bednar, sina Elder Michael John Teh ng Area Presidency at kanyang asawa na si Grace Teh, Bishop Dean Davies ng Presiding Bishopric, at kanyang asawa na si Darla Davies at ang Manila Temple Presidency sa pamumuno ni President Reynaldo Cuyong.

Nilisan ng mga worker ng Manila Temple ang pulong na puno ng sigla at pangakong gagawin ang kanilang mga tungkulin bilang mga temple ordinance worker.

**NAKADAUPANG-PALAD NINA SENADOR SOTTO AT SENADOR HONASAN NG PILIPINAS ANG MGA LIDER NA MORMON**

Sina Elder Quentin L. Cook, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol at Elder Michael John U. Teh, Philippines Area President ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araaw ay nakipagkita kina Senador Tito Sotto III at Senador Gregorio Honasan noong Wednesday, Agosto 29, sa Philippine Senate (GSIS Building).  Ang layunin ng pagbisita ay upang talakayin ang mga paksang makabuluhan at palakasin ang pagkakaibigan ng Simbahan at ng mga iginagalang na senador.

Pinasalamatan ni Elder Cook ang adbokasiya ni Senador Sotto sa pagpapatatag ng pamilyang Pilipino at pagpapatibay sa mga pinahahalagahan ng pamilya.  Kanyang ring pinuri ang adbokasiya ng senador sa pagtulong sa mga kabataan laban sa droga.  Pinasalamatan din ni Elder Teh ang kanyang pamumuno sa Senado.  Tugon ni Sotto, "Ang inyong pasasalamat sa aking adbokasiya sa pagpapatatag ng pamilya ay nagbigay-inspirasyon sa akin at yaong nasa Senado na mas magsumigasig pa. Nagsalita siya tungkol sa pangangailangang patatagin ang pamilya at igalang ang kasagraduhan ng buhay, ang mga ito ay pinahahalagahan din ng Simbahang LDS.

Binanggit ni Elder Cook na walang pinapanigan ang Simbahan pagdating sa pulitika.  Bagama't pinapayuhan ng Simbahan ang mga miyembro nito na maging maalam at aktibo sa pulitika sa kanilang komunidad, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay walang pinapanigang partido sa pulitika. Ginagawa rin ito sa lahat ng bansa kung saan naroroon ang Simbahan.  Ang misyon ng Simbahan ay ipangaral ang ebanghelyo ni Jesucristo.

Ipinahayag ni Elder Cook ang kanyang pagmamahal sa mga Pilipino na naglingkod noon sa Philippines Area Presidency mula 1996-1998.  Itinuturing din niya na isa sa pinakamasasayang tao ang mga Pilipino sa buong mundo sa kabila ng iba't ibang hamon na nakakaharap nila tulad ng mga likas na kalamidad at sakunang gawa ng tao.

Kasunod nito ang pakikipagkita kay Senador Honasan.  Binanggit ni Elder Cook ang nakaraang Jubilee celebration ng Simbahan at ang mahahalagang kaganapan sa nakaraang 50 taon.  Binigyang-diin niya ang buong pangalan ng Simbahan; bakit tayo nakilala ng lahat bilang mga Mormon at na, bilang mga Kristiyano, sinusunod natin ang turo at halimbawa ng Tagapagligtas na si Jesucristo.

Kinilala ni Senador Honasan ang paninindigan ng Simbahan sa pagpapatatag ng pamilyang Pilipino,





pagtataguyod sa mabubuting asal, at paghahanda para sa magandang kinabukasan ng ating mga anak. Sabi niya, "Pinasasalamatan namin ang mabubuting mamamayan na tulad ninyo (kayong mga miyembro), na sinusuportahan ang mabubuting mithiin.  Hangad natin ang magandang kinabukasan para sa ating mga anak, kaya kailangang magtulungan para sa ikabubuti ng lahat."

Binanggit din ni Honasan na "ayon sa konstitusyon ang pagkasagrado

ng buhay ay nangunguna sa lahat ng bagay. Ang pangunahing tuntuning ito ang pinaninindigan natin."

Nang banggitin ni Elder Cook ang matalik na pagkakaibigan at pagsasamahan ng Simbahan at ng simbahang Katoliko, hinikayat tayo ni Senador Honasan na makibahagi sa isang multi-cultural dialogue upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga tao mula sa iba't ibang relihiyon. Sinabi niya na, ang mga isyu tungkol sa pagpapatatag ng pagsasama ng mag-asawa, mga hamong kinakaharap ng mag-asawa, kahirapan, edukasyon, at pagiging produktibo ay mga isyung maaari nating mapag-usapan at panindigan nang nagkakaisa kasama ang iba pang mga relihiyon.

Habang nag-uusap, napunta ang usapan sa mga anak at apo. Masaya nilang pinag-usapan kung paano nagdulot ng kaligayahan ang mga anak sa kanilang buhay at tahanan.

Binigyan ng Simbahan ang dalawang senador ng: ang *Christus* na replika ng estatwa sa Visitor's Center ng Simbahan sa Salt Lake, isang nakakuwadrong kopya ng "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" at isang 100 anniversary celebration CD ng Mormon Tabernacle Choir bilang alaala.

Pagkatapos ng pakikipag-usap sa dalawang senador, sandaling dumalo sina Elder Cook at Elder Teh at pinasalamatan sa sesyon ng senado. Nakausap din nila sandali si Senate President, Senador Juan Ponce Enrile, bago nagsimula ang sesyon.

### NAGTANGHAL ANG MGA PILIPINONG KABATAAN PARA KINA ELDER BEDNAR AT ELDER COOK AT SA KANILANG ASAWA

Ang pagbisita ng mga General Authority sa pangunguna ni Elder Bednar, ay sinalubong ng gabing puno ng pagkanta at pagsayaw sa pagdiriwang ng kultura ng mga Pilipino noong Agosto 29. Kasama niya sina Elder Cook, Elder Callister at Bishop Davies at kanilang asawa, pati na rin ang mga miyembro ng Philippine Area Presidency, sina Elder Michael John U. Teh, Elder Brent H. Nielson at Elder Ian S. Ardern at kanilang asawa.

Ang special cultural celebration ay nagpaalala sa Jubilee Cultural Celebration na ginanap noong Abril 30, 2011. Ang mga kabataang lalaki at babae mula sa ibat-ibang stake sa Metro Manila ay nagtanghal ng ilang sayaw mula sa Luzon, Visayas at Mindanao.



Tatlong kanta ang itinanghal, ang isa ay medley ng mga awiting Pilipino na kinanta ng single adult choir, ang isa pa ay "Ako ay Anak ng Diyos" na kinanta ng Primary choir sa apat na wika, at ang Jubilee theme song na, "United" na kinanta ng grupo ng mga kalalakihang mang-aawit.

"Napakaganda," sabi ni Elder Cook matapos ang pagtatanghal. Sa kanyang mensahe sinabi niya ring maganda ang pagdiriwang ng kultura at nagpapasalamat siya sa napanood niya. Ikinuwento niya ang tungkol sa kanyang kapatid na lalaki na noon ay isang navy doctor na naasayn sa Pilipinas, naglingkod bilang district president sa panahong bukas sa gawaing misyonero ang bansa. Binigyang-diin niya ang iniutos ni Elder Hinckley sa kanyang kapatid. Una ay gusto niyang matutuhan ng mga miyembro ng Simbahan ang mga banal na kasulatan. Sinabi niya iyon bago magbigay ng mga sertipiko sa mga nakapagsaulo ng 10-25 talata sa banal na kasulatan.

Ikalawa ay simulan ang isang pamana ng paglilingkod ng misyonero. At ang huli, magsakripisyo para sa kaharian. Isinalaysay niya ang pagsasakripisyo ng mga miyembro ng Simbahan noong itinatayo ang Buendia chapel. Tinapos niya ang kanyang mensahe sa pagsasabing sila ni Elder Bednar ay mga saksi ni Jesucristo at ng Kanyang kabanalan.

Ibinahagi ni Elder Bednar ang kanyang naobserbahan kung paanong naisip niyang baka sumali si Elder Cook sa pagsayaw ng mga kabataan habang nakaupo sila na magkatabi sa upuan. Sinabi niya na ang mga costume ay makukulay, magaganda ang sayaw at masasaya ang ngiti. Sinabi pa niya na naisip niyang ang mga Pilipino ang may pinakamasayang ngiti sa buong mundo na siya namang ikinatuwa ng mga naroon.

Sinabi ni Elder Bednar na namamayani ang napakagandang damdamin kapag nagkakaisa ang mga tao, may isang kultura na mas matatag at mas makapangyarihan—ang kultura ng ebanghelyo ni Jesucristo. Binigyang-diin niya sa mga kabataan na maraming hinihingi sa kanila. Sila ay tinawag na maging kakaiba sa iba pang mga kabataang lalaki at babae. Sila ay dapat maging halimbawa ng kapangyarihan at lakas na nagmumula sa ebanghelyo. Hinikayat sila na tumulong sa paglaganap ng ebanghelyo sa bansa sa pamamagitan ng pamumuhay nang karapat-dapat at pagdarasal ngayon para sa pagkakataong iyan.

Tinapos niya ang kanyang mensahe na nagpapasalamat sa kanilang panahon at sa lahat ng ginawa nila para sa pagdiriwang ng kultura. Nagpatotoo siya na buhay si Jesucristo at pinamamahalaan ang mga gawain ng Simbahan. Sinabi niya na kapag tinupad natin ang ating mga tipan tayo ay gagabayan, poprotektahan at palalakasin upang mapatatag ang ating pamilya at ang bansang ito.

**Mga nag-ambag**
*Eda Brojan-Calimlim*
*Gimbel Joy Bigtas*
*Erlina Cozzens*
*Michele Joyce Araneta*
*Monette Danoog*
*Ma. Teresa C. Pangilinan*
*Roxanne J. Montojo*
*Naomi June Hernaez*
*Marie Hinautan*
*Sariah Ordinario*
*Marjorie Teh*
*Cherry Baluyot*
*Haidi Fajardo*
*Kaye Bay*

**Mga Litratista**
*Neil Gonzaga*
*Alain Tagpuno*
*Dina Alves*
*Noel Maglaque*